



# Disaster Recovery Allowance

**Ang Disaster Recovery Allowance (DRA) ay isang panandaliang kabayaran upang tulungan ka kung nawalan ka ng kita bilang direktang resulta ng isang idineklarang kapahamakan.**

Maaari mo itong makuha hanggang 13 linggo, simula sa petsa na nawalan ka ng kita.

Ang pinakamalaking kabayaran ay kapareho sa JobSeeker Payment o Youth Allowance, depende sa iyong sitwasyon.

## Sino ang makakakuha nito

Upang makakuha ng DRA, dapat mong matugunan ang lahat ng mga sumusunod. Ikaw ay:

- 16 na taong gulang o mas matanda pa sa panahon ng kapahamakan
- isang residente ng Australya o may hawak na karapat-dapat na visa
- nagtatrabaho o naninirahan sa isang apektadong Local Government Area (LGA)
- nawalan ng kita bilang direktang resulta ng kapahamakan
- kumikita ng mababa sa karaniwang (average) lingguhang kita sa mga linggo makaraang mawalan ka ng kita.

Kung ikaw ay 16 – 21 taong gulang, dapat ay independiyente ka.

Ginagamit namin ang mga bilang mula sa Australian Bureau of Statistics upang tantiyahin ang average na lingguhang kita.

Ang direktang resulta ng kapahamakan ay maaaring kabilangan ng mga sumusunod:

- nagsara ang lugar na iyong pinagtatrabahuhan dahil sa pinsala mula sa kapahamakan
- hindi ka makapunta sa trabaho dahil sa pagsasara ng mga daan

Hindi kabilang dito ang karaniwang pagbagal ng negosyo makaraan ang isang kaganapan.

## Ang ebidensya na iyong kailangan

Hihilingan ka namin ng ebidensya ng kawalan ng iyong kita.

Kung ikaw ay may suweldo o sahod, hihilingan ka namin ng mga dokumentong nagpapakita ng iyong kita sa loob ng 4 na linggo bago nangyari ang kapahamakan.

Kung ang iyong kita ay pabagu-bago kada linggo, hihilingan ka namin na magpakita ng iyong kita sa loob ng 8 linggo bago nangyari ang kapahamakan.

Ang ebidensya ay maaaring kabilangan ng:

- mga pay slip mula sa iyong tagapag-empleyo
- mga bank statement na nagpapakita ng mga nakaraang deposito sa bangko mula sa iyong tagapag-empleyo
- sulat mula sa iyong tagapag-empleyo.

Kung ikaw ay isang farmer (magsasaka) o mayroon kang maliit na negosyo, hihilingan ka namin na magpakita sa amin ng marami sa mga dokumentong ito hangga't maaari:

- mga pahayag ng mga tinubo at kalugihan
- Mga pambuwis na ulat ng iyong kita (income tax return)

- iba pang mga dokumento na nagpapakita ng daloy ng pera gaya ng bank statement para sa iyong negosyo
- pambuwis na ulat ng trust o partnership.

Makipag-usap sa amin kung wala ka ng ebidensyang ito.

## Paano ang paghiling

Ang pinakamabilis na paraan ng paghiling ay ang pagtawag sa **180 22 66**. Ang linya ng telepono ay bukas Lunes hanggang Biyernes, mula 8 am hanggang 5 pm sa lokal na oras.

Makakahiling ka ng libreng interpreter kung kailangan mo nito.

Kung ikaw ay isa sa dalawang nagsasama, kapwa kayo makakahiling ng kabayaranang ito. Ikaw at ang iyong partner ay dapat gumawa ng magkahiwalay na paghiling.

Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/disaster** para sa karagdagang impormasyon. Kabilang dito:

- ang mga marapat na LGA
- ang mga opsyon sa paghiling
- kung paano ang pag-access sa aming mga serbisyo
- kung sino ang itinuturing namin na independiyente
- kung paano namin kinakalkula ang average na lingguhang kita.

## Para sa karagdagang impormasyon

- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/disaster** para sa karagdagang impormasyon sa wikang Ingles
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** kung saan ikaw ay maaaring bumasa, makinig o manood ng mga video na may impormasyon na nasa iyong wika
- tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink
- bumisita sa isang sentro ng serbisyo.

Punahin: ang mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay sa mga numerong '13' mula saan man sa Australya ay sisingilin sa halagang di-mababawasan. Ang halaga ay maaaring magkaiba-iba mula sa halaga ng isang tawag na lokal, at maaari ring magkaiba-iba sa mga provider ng serbisyo ng telepono. Ang mga tawag sa mga numerong '1800' ay libre mula sa iyong telepono sa bahay. Ang mga tawag mula sa mga pampublikong telepono at mobile ay maaaring inoorasan at sisinghilin sa mas mataas na halaga.

## Paano pamamahalaan ang iyong kabayaran

Kung makakakuha ka ng DRA, dapat mong sabihin sa amin ang tungkol sa anumang mga pagbabago sa iyong sitwasyon. Kabilang dito ang kung ikaw ay kikita ng higit pa o kapareho ng average na lingguhang kita habang tumatanggap ka ng DRA.

## Pagtatatwa

Ang impormasyong taglay ng lathalaing ito ay nilalayon lamang bilang isang gabay sa mga kabayaran at serbisyo. Responsabilidad mong magpasya kung nais mong mag-aplay para sa kabayaran at gumawa ng aplikasyon tungkol sa iyong partikular na mga sitwasyon.



# Disaster Recovery Allowance

**Disaster Recovery Allowance (DRA) is a short term payment to help you if you lose income as a direct result of a declared disaster.**

You can get it for up to 13 weeks, starting from the date you lose income.

The maximum payment rate is the same as JobSeeker Payment or Youth Allowance, based on your circumstances.

## Who can get it

To get DRA you must meet all of the following. You:

- were 16 years or older at the time of the disaster
- are an Australian resident or hold an eligible visa
- work or live in an affected Local Government Area (LGA)
- lose income as a direct result of the disaster
- earn less than the average weekly income in the weeks after you had your income loss.

If you are 16 – 21 years old, you must be independent.

We use Australian Bureau of Statistics figures to work out average weekly income.

A direct result of the disaster can include the following:

- your workplace has closed due to damage from the disaster
- road closures stopped you getting to work

It does not include a general downturn in business following an event.

## What evidence you need

We will ask you to give us evidence of your loss of income.

If you earn a salary or wage we will ask you for documents that show your income for the 4 weeks before the disaster.

If your income changes each week we will ask you to show your income for the 8 weeks before the disaster.

Evidence can include:

- pay slips from your employer
- bank statements showing previous bank deposits from your employer
- a letter from your employer.

If you are a farmer or you have a small business we will ask you to show us as many of these documents as possible:

- profit and loss statements
- income tax returns
- other documents that show cash flow such as a bank statement for your business
- trust or partnership tax return.

Speak to us if you do not have this evidence.

## How to claim

The fastest way to claim is to call **180 22 66**. The phone line is open Monday to Friday, from 8 am to 5 pm local time.

You can ask for an interpreter for free if you need one.

If you are a member of a couple, you can both claim this payment. You and your partner must make separate claims.

Go to **[servicessaustralia.gov.au/disaster](https://servicessaustralia.gov.au/disaster)** for more information. This includes:

- eligible LGAs
- claiming options
- how to access our services
- who we consider to be independent
- how we calculate average weekly income.

## For more information

- go to **[servicessaustralia.gov.au/disaster](https://servicessaustralia.gov.au/disaster)** for more information in English
- go to **[servicessaustralia.gov.au/yourlanguage](https://servicessaustralia.gov.au/yourlanguage)** where you can read, listen to or watch videos with information in your language
- call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services
- visit a service centre.

Note: calls from your home phone to '13' numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

## How to manage your payment

If you get DRA you must tell us about any changes in your circumstances. This includes if you earn more than or the same as the average weekly income while you get DRA.

## Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application with regard to your particular circumstances.